# Child Safe Standards sa Victoria


**Buod na nakasulat sa simpleng pananalita**

## 1




Tinatanggap ng inyong organisasyon ang mga batang Aborihinal. Sinusuportahan ninyo sila upang magpahayag ng kanilang kultura at kasiyahan ang kanilang mga karapatan. Hindi ninyo pinapayagan ang racism (rasismo).

## 2



Ang kaligtasan ng bata ay mahalaga sa bawat isa sa lahat ng antas sa inyong organisasyon. Idodokumento ninyo kung paano ninyo mahahanap, maiiwasan, at mapipigilan ang mga panganib ng pang-aabuso o pinsala sa bata.

## 3




Sinusuportahan ng inyong organisasyon ang mga bata na malaman ang kanilang mga karapatan upang maging ligtas laban sa pang-aabuso, maging may-kaalaman, at makilahok. Tinutulungan ninyo silang magsalita nang hayagan at makilahok sa mga desisyong makakaapekto sa kanila.

## 4

Ang inyong organisasyon ay nagsasabi sa mga pamilya at komunidad tungkol sa inyong ginagawa, at kung paano ninyo pinapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pinsala at pang-aabuso. Tinutulungan ninyo ang mga pamilya na makapagbigay ng kanilang opinyon at makilahok sa mga desisyon na makakapekto sa kanilang anak.



## 5

Nauunawaan ng inyong organisasyon na ang bawat bata ay magkakaiba at may iba't ibang pangangailangan. Titiyakin ninyong sila ay makakukuha ng impormasyon at tulong na kailangan nila.



## 6

Alam ng mga tauhan kung ano ang dapat nilang gawin upang mapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala. Nagre-record, nag-uulat, at nagbabahagi sila ng impormasyon tungkol sa kaligtasan ng bata kung kailan nila dapat gawin ito. Ang mga kawani na nakikipagtulungan sa mga bata ay nagkaroon ng mga pagsusuri sa background na kailangan nila.



## 7

Alam ng mga bata at ng kanilang mga pamilya kung paano magrereklamo at kung ano ang mangyayari kapag may ginawang reklamo. Alam ng inyong mga tauhan kung paano tutugon nang maayos sa mga reklamo.



## 8



Ang inyong organisasyon ay nagsasanay at sumusuporta sa mga kawani upang panatilihing ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala. Alam ng inyong mga tauhan ang mga palatandaan ng pang-aabuso at pinsala sa bata at kung ano ang dapat gawin kung may mga isyu ng pang-aabuso at pinsala.


## 9

Tinitiyak ng inyong organisasyon na ligtas ang mga bata kapag gumagamit sila ng inyong mga serbisyo, kapaligiran, at aktibidad. Kabilang dito kapag naka-online ang mga bata.



## 10

Sinusuri at pinapahusay ng inyong organisasyon ang mga paraan sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.



## 11




Ang inyong organisasyon ay may nakasulat na mga patakaran kung paano ninyo pinapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala. Madaling maunawaan ang mga ito, at sinusunod ng lahat ng tauhan.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Commission for Children and Young People

**www.ccyp.vic.gov.au**

COMMISSION FOR CHILDREN AND YOUNG PEOPLE